datos


Ilinathala ng Rehiyunal na Kawanihan sa Instruksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bikol



# 5 DAHILAN BAKIT ANG LAMPAS LIMANG-TAONG TIRANIYA NI DUTERTE ANG PINAKAMAGASTOS SA KASAYSAYAN NG BANSA

## 1 Tiniyak niyang sa buong panahon ng kanyang termino, umaapaw ang pondo para sa pasismo






Para sa susunod na taon, **walang badyet para sa benepisyo ng mga manggagawang pangkalusugan** (*special risk allowance, hazard pay*, pagkain, akomodasyon at transportasyon) **pero lumobo nang 51% ang pondo ng NTF-ELCAC tungong P29.2 bilyon.**

Para sa 2022, **ipinaloob sa *unprogrammed appropriations*,** o yaong mapopondohan lamang kung may lalabis na halaga, ang kinaltasan na ngang **P45.73 bilyong badyet para sa *vaccine booster shots*** samantala tiyak nang nakalaan ang **P8.5 bilyon para sa paniktik.**

Ayon mismo sa mga burukrata, **sa loob ng lampas dalawang dekada, ang badyet para sa 2022 ang pinakalutang mula sa reyalidad at pinakabaluktot ang prayoridad.**


# Tiniyak niyang sa buong panahon ng kanyang termino, umaapaw ang pondo para sa pasismo



**31.5%**

**abereyds na pagtaas ng badyet sa depensa ng Pilipinas (2017-2019)**

Pinakamalaking pagtaas ng limang-taong badyet para sa depensa sa buong Southeast Asia




## Gamit ang perang ito, binundat niya ang kanyang mersenaryong hukbo

**122%**

pagpapalobo sa sahod ng mga **upisyal militar at pulis, mula P67,500 tungong P149,785.** Samantala, 100% ang itinaas ng sahod ng mga Private at Policeman: mula P14,834 tungong P29,668. Ang sahod ng iba pang ranggo ay tumaas din nang hindi bababa sa 100%. (2018)

**EO 3**

itinaas mula sa **P500 tungong P3,000 ang** ***combat duty pay*** (2016)

**EO 69**


itinaas ang **sahod ng CAFGU mula P2,000 tungong P7,000** (2018)

**P50 milyon**

halagang karaniwang **'pabaon' ni Duterte para sa mga mangreretirong heneral militar at pulis.** Upang mabiyayaan nito at iba pang mga pabuya at kurakot, tinitiyak niyang magkakapusisyon ang lahat ng kanyang pinakamatatapat na mersenaryo kahit sa maikling panahon.



# 2 Kapalit ng kanyang tapat na pagpapakatuta, pinakamalaki ang ayudang militar na natatanggap niya mula sa imperyalistang US




**Ang rehimeng US-Duterte ang nakatatanggap ng pinakamalaking ayudang militar mula sa imperyalistang US sa buong East at Southeast Asia**

## P8.5 - P8.75 bilyon

abereyds na taunang ayudang militar na natatanggap ng rehimeng US-Duterte mula sa imperyalistang US

mula pa lamang sa mga programang Foreign Military Financing, International Military and Education Training, Building Partner Capacity Programs 333 at 1263 at ayuda sa kampanyang kontraterorismo

## P14.68 bilyon

halagang natanggap ng rehimeng US-Duterte mula sa imperyalistang US para sa Operation Pacific Eagle-Philippines (2017-2020)

Ang OPE-P ang isa sa pinakabagong programang kontraterorismo ng US sa mga bansa sa ibayong dagat na isinapubliko noong Enero 2018. Isa ito sa mga pinakamagastos na operasyon sa ibayong dagat ng US. Walang kontrol ang gubyerno ng Amerika sa pondong napupunta para rito.

## P3.2 bilyon

ayudang militar na natanggap ng PNP mula sa imperyalistang US para sa mga taong 2016, 2018 at 2019

## P175 milyon

hiwalay na badyet para sa tuwirang pangangalap ng US ng impormasyon sa bansa (2019)

# Isinabatas niya ang konseptong militar na whole of nation approach at binuo ang hungkag, kurakot at mapangwaldas na NTF-ELCAC 3



**Sa kabila ng enggrandeng posturang mahina na umano ang rebolusyonaryong kilusan, mabilis na lumalaki ang pondo,**

**P29.2 bilyon**

badyet ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict para sa 2022

- 2022: **P29.2 bilyon**
- 2021: **P19.4 bilyon**
- 2020: **P622 milyon**

**Inoobliga rin ang iba pang mga ahensya ng gubyernong maglaan ng tipak ng kanilang pondo para rito,**

badyet ng Department of Agrarian Reform na ilinaan para sa NTF-ELCAC (2020)

**P410.6 milyon**

## BARANGAY DEVELOPMENT PROGRAM

**72%**

pagtaas ng badyet ng BDP para sa taong 2022. **Mula sa P16.4 bilyon tungong P28.12 bilyon** para umano sa dagdag na 1,406 *cleared barangays* na kalakhan ay nasa Bikol, Eastern Visayas at CARAGA.

Winawaldas ang pera ng taumbayan para sa:

- Paulit-ulit na proyektong imprastrukturang hindi nakabatay sa aktwal na pangangailangan
- Pondong pambili ng suporta ng mga lokal na upisyal ng gubyerno
- Balon ng kurakot ng mga upisyal militar at pulis
- Operasyong kontrainsurhensya at paniktik

*Sa impormasyong isiniwalat ni Sen. Lacson sa publiko, nalantad na si* ***MGen. Rhodel Sermonia****, PNP Directorate for Police Community Relations, ay nag-utos na gamitin ang pondo ng BDP para sa illegal census at profiling ng mga residente.*

# Isinabatas niya ang konseptong militar na whole of nation approach at binuo ang hungkag, kurakot at mapangwaldas na NTF-ELCAC

# 3



## ENHANCED COMPREHENSIVE LOCAL INTEGRATION PROGRAM

**P36.76 bilyon**

**badyet na ilinaan para sa ECLIP para sa 2018 at 2019, na nabuo mula nang pagsanibin ang PAMANA at CLIP noong 2018.**

Isa ang NTF-ELCAC sa nangungunang tagapagpatupad nito sa kasalukuyan.

**P8.7 bilyon**

badyet para sa PAMANA noong 2016-2017

**P109 milyon**

badyet para sa ECLIP sa 2022

**P53.3 milyon**

halagang maibubulsa ng mga upisyal at yunit militar at pulis sa Bikol para sa 1,065 pekeng sumuko at sapilitang pinasuko ngayong 2021

## PERA SA PEKENG LABANAN

**P4.23 milyon**

perang linustay para sa *combat pay* ng abereyds na 30 elemento ng militar sa **47 pekeng labanang naitala sa Kabikulan** mula nang maupo si Duterte sa pwesto

## PERA SA SAYWAR AT DISIMPORMASYON

**P10 milyon**

ginastos ni Duterte para sa pagtatayo ng *troll farms.*

**P2.95 milyon**

ginastos para sa *advertisement* ng mga pekeng *site* na hawak ng mga *troll* ni Duterte.

**P500 - P3,000**

sahod ng kada *troll* ni Duterte bawat araw.

**200**

*pages*, *groups* at *accounts* sa Facebook at Instagram ang natuklasang may *"coordinated inauthentic behavior".* Ang *network* na ito ay hawak ni **Nic Gabunada, pinuno ng *presidential bid social media campaign* ni Duterte**.



# 4 Binuhusan niya ng pondo ang pagbili ng mga armas ng malawakang pagwasak at pandigma laban sa mamamayan

# P300 bilyon

pondong ilinaan ni Duterte para sa 2018-2022 Horizon 2 (Joint Force Operation) ng Revised AFP Modernization. **Ayon mismo sa AFP, ang biniling kagamitang pandigma ni Duterte ay higit pa kaysa sa pinagsamang armas na binili ng nagdaang tatlong administrasyon**
Kabilang na rito ang sumusunod:

## P47.4 BILYON
### Philippine Army

40mm grenade launcher revolver (South Korea): **P106.35M**
40mm grenade launchers (US): **P61.56M**
60mm mortars (US): **P106.9M**
Designated Marksman Rifles: **P243.1M**
Soltam M71 155mm towed howitzer: **P219.73M**
Rocket Launcher Light (US): **P81.73M**
Armored Carriers (Israel): **P882M**
M113 Firepower Upgrade (Israel): **P1.06B**
2.5 Ton Wreckers (South Korea): **P1.42B**
All-Terrain Vehicles: **P31.72M**
Troop carrier (South Korea): **P1.2B**
Harris handheld radio (US): **P678.1M**
Harris 20W HF/VHF Man-pack radio: **P223.54M**
Night Fighting System

**INAASAHANG DUMATING BAGO MAGTAPOS ANG 2021:**
90x Army troop carrier (Russia): **P324M**
30x light tanks
Land based missile system (India)
Multiple launch rocket system

## P139.3 BILYON
### Philippine Air Force

1x Gulfstream 280G VIP Aircraft
16x Sikorsky S70i (11 pa lang ang dumating: **P12B**
6x A29 Super Tucano aircraft (Brazil) **P14.3B**
24x FA 50 (South Korea): **P1.5B**
8x AW 109: **P2.52+B**
5x C-130J-30 Super Hercules aircraft (US): **P2.5B**
FA 50 flight simulator (South Korea): **P362.9M**
Lead-in Fighter Trainer aircraft (South Korea): **P18.976B**
Basing Support System (Radar) itinayo sa Lubang, Occidental Mindoro: **P521.65M**
20mm ammunition (South Korea): **P100M**
Hermes drones (Israel): **P8B**

**INAASAHANG DUMATING BAGO MAGTAPOS ANG 2021:**
6x T-129 Attack Helicopters: **P13.8B**

## P77.1 BILYON
### Philippine Navy

2x Missile guided frigate (South Korea)
3x Multipurpose attack craft: **P810M**
8x Amphibious assault vehicle: **P2.4B**
2x Anti-submarine corvette
2x Landing Docks (Indonesia): **P5.56B**
40mm rocket launcher: **P514.8M**
2x AW 159 Wildcat helicopter: **P6.2B**
1x Scan Eagle UAV System: **P687M**
C4ISTAR (Command, Control, Communication, Computers, Intelligence, Surveillance, Target Acquisition, Reconnaissance) System: **P7.65B**

**INAASAHANG DUMATING BAGO MAGTAPOS ANG 2021:**
8x Fast Attack Interdiction Missile Craft (Israel): **P10B**
6x Offshore Patrol Vessel (Australia): **P30B**
Light Armor Units (India): **P711.54M**
30mm ammunition: **P100M**
76mm automatic main cannons + 30mm secondary cannons: **P77.54M**



# 4 Binuhusan niya ng pondo ang pagbili ng mga armas ng malawakang pagwasak at pandigma laban sa mamamayan

## P38 bilyon

pondong ilinaan ni Duterte ngayong 2021 para sa Revised AFP Modernization **kahit nasa gitna ang bansa ng matinding krisis na dala ng pandemyang Covid-19. Ang P35 bilyong pondo para rito sa 2022 ay ipinanukalang tuwiran niyang hawakan.**

## P32.5 bilyon

halaga ng armas at kagamitang pandigmang ibinigay ng US sa Pilipinas mula noong 2015 hanggang sa panahon ng pandemya. **Samantala, P1.5 bilyon lamang ang ibinigay nitong ayuda sa bakuna.**

---

**Ang pinagsamang halagang ito ay sapat sana para sa,**

## 7,050,000

pamilyang makatatanggap ng P10,000 ayuda

## 115,573,770

*dosage* ng bakunang AstraZeneca (P610 kada isa)

## 14,100,000

magsasakang makikinabang sa P5,000 ayuda o manggagawang pangkalusugang tatanggap ng P5,000 *special risk allowance*

## 861,437

manggagawang Bikolano ang mapapasweldo ng minimum na sahod sa rehiyon sa loob ng isang buong taon

# 5



## Ang huli, at pinakamabigat na dahilan - buhay at kinabukasan ng mamamayang Pilipino ang kabayaran ng tiraniya ni Duterte

**MAHIGIT SA**

# 33,000

ang napapaslang sa ilalim ng madugong gera kontra-droga, Oplan Kapanatagan-WONA at de facto batas militar ni Duterte. **Ito ay 843% mas marami kaysa sa napaslang noon sa panahon ng kanyang idolong diktador na si Marcos.**

| **BIKTIMA NG EKSTRAHUDISYAL NA PAMAMASLANG** DUTERTE VS. MARCOS | |
|---|---|
| | 2016-2021: **33,000** |
| | 1972-1986: **3,500** |

**SA BIKOL**

# 204

katao ang biktima ng pampulitikang pamamaslang at masaker sa loob ng limang taon ni Duterte sa pwesto. **Ang bilang na ito ay mas malaki nang 31% kaysa sa pinagsamang dami ng napaslang sa parehas na tagal ng pag-upo sa pwesto nina Noynoy Aquino at Gloria Macapagal Arroyo.**

| **BILANG NG NAPASLANG SA LOOB NG UNANG LIMANG TAON SA PWESTO** DUTERTE VS. AQUINO VS. ARROYO | | |
|---|---|---|
| | (DUTERTE) | 2016-2021: **204** |
| | (AQUINO) | 2010-2015: **60** |
| | (ARROYO) | 2001-2006: **81** |

# 5




## Ang huli, at pinakamabigat na dahilan - buhay at kinabukasan ng mamamayang Pilipino ang kabayaran ng tiraniya ni Duterte

**204**
PAMAMASLANG

**11**
MASAKER

**103**
ILIGAL NA DETENSYON AT/O PAG-ARESTO

**46 bayan**
NASA ILALIM NG RCSP





**Dapat pagbayarin ang rehimeng US-Duterte, kanyang mga amo, kroni at mersenaryo, sa lahat ng kanilang mapanglustay na krimen sa mamamayan - sa karapatan, kalayaan, mga pangarap at kinabukasan ng sambayanang Pilipino. Labis-labis na ang utang nilang dugo sa mamamayan.**

Walang kaparis na pinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan ang idinulot ng lampas limang taon ni Duterte sa pwesto. Sa *kill, kill, kill* niyang atas, puu-puong libo na ang pinaslang at minasaker ng kanyang berdugong armadong pwersa. Sinusupil niya ang lahat ng humadlang sa kanyang ambisyong maging pinakamabagsik na diktador at ipinailalim sa de facto batas militar ang buong bansa. Ngayon, ginagamit niya ang pandemyang Covid-19 para higit pang palakasin ang tiraniko niyang paghahari.

Gagawin ni Duterte ang lahat upang makapangunyapit sa pwestog lampas sa 2022. Pinakamalaking hamon sa mamamayan ang mapagpasyang pagwawakas sa kanyang tiraniya.